

ANG PAHINTULOT SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN at TUNGKULIN NG PUBLIC GUARDIAN and TRUSTEE

Ano ang kailangang malaman ng mga nasa hustong gulang, mga pamilya at health care providers tungkol sa batas ?

Ipinapaliwanag ng polyetong ito ang mga mahahalagang probisyon ng **Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act (Batas sa Pangangalaga sa Kalusugan (Pahintulot) at Pasilidad sa Pangangalaga (Pagpapasok))** – Pahintulot sa Pangangalagang Pangkalusugan.

Kung ikaw ay isang nasa hustong gulang na nangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan, o isang health care provider, ang *BC Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act* ay nakakaapekto sa iyo. Ang Batas ay nagtatakda ng mga requirement para sa isang health care provider upang kumuha ng maalam na pahintulot para sa paggamot ng isang nasa hustong gulang bago ibigay ang pangangalaga sa kalusugan. Pormal ring kinikilala ng batas ang tungkulin ng pamilya at mga kaibigan na maaari at handang gumawa ng mga desisyon para sa pangangalaga ng kalusugan ng isang nasa hustong gulang kapag ito ay wala nang kakayahang magdesisyon.

ANG PANGKALAHATANG TUNTUNIN AY:

Ang mga nasa hustong gulang ay maaari lamang bigyan ng pangangalagang pangkalusugan kung may pahintulot nila.

Kung ang nasa hustong gulang ay walang malay-tao, walang kakayahang mag-isip, o kaya'y hindi magagawang magbigay ng pahintulot, ang batas ay nagtatakda ng mga pamamaraang dapat sundin.

Mahalagang talâ: Ibinibigay ng PGT ang impormasyong ito upang ilarawan ang proseso para sa pagkuha ng pahintulot para sa pangangalagang pangkalusugan ng mga nasa hustong gulang. Maaaring magsangguni ito ng legal requirements ngunit hindi ito legal na payo. Ito ay pangkalahatang impormasyon at hindi kahalili ng isang propesyonal na legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na payo tungkol sa pahintulot para sa kalusugan, makipag-ugnayan sa isang abogado o community law office.

Kailan ang isang pahintulot ng nasa hustong gulang ay HINDI kinakailangan?

Ang mga pangunahing exception sa pangkalahatang tuntunin ay:

- kapag kagyat o emergency ang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, ang nasa hustong gulang ay walang kakayahang magbigay ng pahintulot, at kung walang available na committee, kinatawan o TSDM na pwedeng magbigay ng pahintulot;
- kapag kinakailangan ng saykayatrikong paggamot na hindi boluntaryo, alinsunod sa Mental Health Act; at
- para sa unang hakbang na eksaminasyon tulad ng triage o pag-aseso.

Ang mga health care provider na sakop ng Batas na ito ay mga doktor, dentista, nurse practitioner, nurse, physiotherapist, psychologist, occupational therapist, optometrist, chiropractor at iba pa. Para sa kumpletong listahan ng mga ito tingnan ang Health Care Consent Regulation.

Paano kung ang isang nasa hustong gulang ay walang kakayahang magbigay o tumanggi sa pahintulot?

Sa pamamagitan ng angkop na pakikipag-usap at kinakailangang impormasyon at suporta, karamihan sa mga nasa hustong gulang ay maaaring gumawa ng kanilang sariling desisyon at magbigay ng maalam na pahintulot. Dapat munang kausapin ang nasa hustong gulang para sa isang desisyon. Kapag nakita ng health care provider na ang nasa hustong gulang ay may kakayahan, sa oras na iyon ay may karapatan ang nasa hustong gulang na sumang-

ayon, tumanggi o pawalang saysay ang pahintulot. Upang makapagpasya kung ang isang nasa hustong gulang ay wala nang kakayahang gumawa ng desisyon para sa pangangalagang pangkalusugan, dapat tukuyin ng health care provider kung nauunawaan ng nasa hustong gulang ang mga impormasyon tungkol sa ibibigay na pangangalaga sa kalusugan at angkop ang impormasyong ito sa sitwasyon ng nasa hustong gulang.

Sino ang maaaring gumawa ng mga desisyon para sa pangangalaga ng kalusugan ng nasa hustong gulang na walang kakayahang magpasya para sa kanyang sarili?

Ang Batas ay nagtatakda ng listahan ng mga tagapagdesisyon at mga dokumento. Ang mga ito ay ayon sa pagkakasunud-sunod:

- **Isang committee o tao na ini-appoint ng hukuman:** Alinsunod sa Patients Property Act (Batas ukol sa Ari-arian ng Pasyente), ang hukuman ay maaaring mag-appoint ng committee para sa isang nasa hustong gulang na walang kakayahang gumawa ng mga desisyon para sa pangangalaga sa kalusugan.
- **Isang kinatawan:** Ang nasa hustong gulang ay maaaring nakapagplano para sa kanyang hinaharap sa pamamagitan ng paggawa ng isang kasunduang maging kinatawan (representation agreement), may pangalan ng isang kinatawan upang gawin ang desisyon para sa pangangalaga ng kalusugan ng isang nasa hustong gulang na walang kakayahang magdesisyon para sa kanyang sarili. Kung walang committee of person, ang kinatawan ang maaaring gumawa ng desisyon kung sinasaklaw ito ng kasunduang maging kinatawan.
- **Isang maagang tagubilin:** Mula Septyembre 1, 2011 ay maaari ng gumawa ang isang may kakayahang nasa hustong gulang sa BC ng isang maagang tagubilin (advance directive), upang sumang-ayon o tumanggi sa pangangalagang pangkalusugan na nakasaad sa maagang tagubilin. Ang mga patakaran para sa paggawa ng isang maagang tagubilin ay napaka-ispesipiko. Kung sinasaklaw nito ang desisyon sa pangangalaga ng kalusugan, at walang committee o kinatawan na nai-appoint, ang health care provider ay maaaring sundin ang mga tagubilin sa dokumento. Ang isang maagang tagubilin ay maaari ring sundin

kapag ang nasa hustong gulang ay may isang kasunduang maging kinatawan (representation agreement) at nakasaad dito na maaaring sundin ang instruksyon sa maagang tagubilin nang walang pahintulot ng kinatawan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa maagang tagubilin, tingnan ang website ng Ministry of Health sa www.health.gov.bc.ca/hcc/endoflife.html

- **Isang pansamantalang kapalit na tagapagdesisyon (temporary substitute decision maker (TSDM)):** Kung walang kinatawan o committee at walang balidong maagang tagubilin, ang isang health care provider ay dapat na pumili ng isang TSDM mula sa sumusunod na listahan, na batay sa pagkakasunud-sunod
 - asawa ng nasa hustong gulang;
 - anak;
 - magulang;
 - kapatid;
 - lolo o lola;
 - apo;
 - sinumang may kaugnayan sa nasa hustong gulang sa kapanganakan (by birth) o pag-ampon;
 - isang malapit na kaibigan;
 - isang tao na may kaugnayan sa nasa hustong gulang sa pamamagitan ng kasal.

Ang taong pinili ay dapat na matugunan ang ilang mga pamantayan. Kabilang dito, ang tao ay dapat na:

- hindi bababa sa 19 taong gulang;
- may kaugnayan sa nasa hustong gulang sa nakaraang 12 buwan;
- walang hindi pagkakaunawaan sa nasa hustong gulang;
- may kakayahang gumawa ng mga desisyon; at
- handang sumunod sa mga tungkulin ng isang TSDM.

Paano kung walang taong maaaring magdesisyon o may alitan sa pagitan ng mga tao na naka-ranggong magdesisyon?

Kung walang tao mula sa mga naka-ranggong kahaliling tagapagdesisyon ang available o kwalipikado, o may alitan sa pagitan ng dalawang magka-ranggong kahalili kung sino ang pipiliin, at hindi ito malutas ng health care provider, dapat makipag-ugnayan ang health care provider sa Public Guardian and Trustee (PGT).

Ano ang tungkulin ng PGT?

Ang PGT ay may dalawang tungkulin sa pagbibigay ng pahintulot para sa pangangalagang pangkalusugan:

- Mabigyan ng awtoridad ang taong karapat-dapat at handang maging TSDM upang gumawa ng mga desisyon sa pangangalaga ng kalusugan; o
- Kumilos bilang TSDM at gawin ang pagdedesisyon sa pangangalaga sa kalusugan kapag walang ibang tao na naaangkop o handang gawin ang desisyon sa pangangalaga sa kalusugan.

Para sa impormasyon kung paano nagbibigay ng pahintulot ang PGT sa isang TSDM, at mga responsibilidad ng TSDM, tingnan ang aming polyeto *"Information for Temporary Substitute Decision Makers Authorized by the PGT."*

Kapag ang PGT ang naging TSDM, paano pinairal ng PGT ang mga desisyon?

Kapag ang PGT ay gumawa ng isang desisyon para sa pangangalagang pangkalusugan sa ngalan ng isang nasa hustong gulang, isang PGT staff ang magsasabi ng instruksyon sa health care provider at nakasulat na kukumpirmahin ang desisyon. Sasabihin din sa nasa hustong gulang ang desisyon.

Gaano katagal inaabot ang paggawa ng desisyon?

Ang standard na serbisyo ng PGT para magdedesisyon sa isang minor na pangangalagang pangkalusugan ay sa loob ng isang araw pagkatapos na matanggap ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Ang mga desisyon para sa major na pangangalagang pangkalusugan ay inaabot ng tatlong araw pagkatapos na matanggap ang lahat ng kinakailangang impormasyon mula sa health care provider, isinasaalang-alang ang pagiging kumplikado at kakagyatan ng pangangalaga sa kalusugan ng nasa hustong gulang.

Paano kung may isang taong hindi sumasang-ayon sa desisyon ng kahaliling tagapagdesisyon?

Kung may pagtatalo na hindi malutas, maaaring naisin mong kumuha ng legal na payo.

Alinsunod sa Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act, may ilang mga tao na may legal na awtoridad na gumawa ng ibang mga desisyon para sa nasa hustong gulang at sa ngayon ay magagawa nang mag-apply sa hukuman upang baligtarin o ibahin ang desisyon ng isang kahaliling tagapagdesisyon. Ang mga taong ito ay:

- ang nasa hustong gulang;
- ang health care provider;
- isang committee ng mga tao;
- isang kinatawan;
- isang TSDM.

Kung mayroon kang mga pag-aalala na ang isang committee, kinatawan (o TSDM na may pahintulot ng PGT), ay hindi sumusunod sa kanilang mga tungkulin, maaaring gumawa ng isang ulat sa PGT. Ang isang Regional Consultant ay sisiyasatin kung ang ginawang desisyon sa pangangalaga sa kalusugan ay maaaring negatibong nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng nasa hustong gulang. Gayunpaman, ang PGT ay hindi maaaring palitan ang sarili nitong desisyon.

Mayroon bang anumang restriction sa paggamot?

Ang Health Care (Consent) and Care Facility (Admission) Act ay hindi naaakma sa ilang mga pagpapasya tulad ng mga nauugnay sa saykayatrikong paggamot ng mga pasyenteng hindi voluntary alinsunod sa Mental Health Act, hindi therapeutic na sterilization, at ilang mga nakakahawang sakit na itinakda ng batas.

Bilang karagdagan, ang isang committee, kinatawan o TSDM ay maaaring malimitahan sa mga pagpapasya depende sa saklaw ng kanilang awtoridad batay sa kaugnay na batas, kautusan ng hukuman o nagpapahintulot na dokumento.

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Assessment and Investigation Services (AIS)

☎ Tumawag nang libre 1.877.511.4111
☎ Local 604.660.4507
📠 Tumawag nang libre 1.855.660.9479
📠 Local 604.660.9479
@ Email AIS-HCD@trustee.bc.ca

Health Care Decisions (HCD)

☎ Tumawag nang libre 1.877.511.4111
☎ Local 604.660.4507
📠 Tumawag nang libre 1.855.660.9479
📠 Local 604.660.9479
@ Email AIS-HCD@trustee.bc.ca

Greater Vancouver Regional Office

✉ 700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

☎ Telepono 604.775.1001
📠 Fax 604.660.9498
@ Email STA@trustee.bc.ca

Interior–North Regional Office

✉ 1345 St. Paul Street
Kelowna, BC V1Y 2E2

☎ Telepono 250.712.7576
📠 Fax 250.712.7578
@ Email STA@trustee.bc.ca

Vancouver Island Regional Office

✉ 1215 Broad Street
Victoria, BC V8W 2A4

☎ Telepono 250.356.8160
📠 Fax 250.356.7442
@ Email STA@trustee.bc.ca

🕒 Oras ng Trabaho sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am - 4:30pm

Matatawagan nang libre o toll free

Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (tingnan ang nasa ibaba) hilingin na maikunekta sa Public Guardian and Trustee.

☎ Vancouver 604.660.2421
☎ Victoria 250.387.6121
☎ Mga Karatig ng BC 1.800.663.7867
@ Email webmail@trustee.bc.ca

www.trustee.bc.ca

